Impormasyon sa Multilingguwal Hunyo 2025

Tema: **"Tungkol sa pagbisita sa mga institusyong medikal"** Tagalog

Paraan kung nais pumunta sa ospital o klinika.



Una: Magpareserba gamit ang website o tumawag at pumili ng araw at oras na ayon sa iyong pang araw araw na pamumuhay piliin ang lugar na malapit sa iyong bahay o tirahan.

Pangalawa: Kung ikaw ay nakapag pareserba na kung maaari po lamang na huwag makalimot sa araw at oras na napili.

TANDAAN: Sa arw ng iyong reserbasyon kailangang kumuha ng numero at pumunta sa tanggapan o ipagbigay alam na ikaw ay dumating na dahil may ospital o klinika na kahit ikaw ay nakareserba ay kailangan mo paring kumuha ng number at maghihintay kang tawagin ito at may roon namang ospital na i aayon ang pagtawag syo sa pinili mong oras. Para sa kasi guraduhan at iba pang katanungan maaaring tingnan ang website o tumawag.

Medical Information Net

Multicultural Counseling Center

Maghanap ng mga kalapit na ospital at parmasya sa website na "Medical Information Net." At kung pupunta ka ng gabi o o arw ng dayoff maaari kang maghanap ng ospital o klinika na gamit ang ang feature na "Quick Search" sa "Medical Information Net". Kung mayroon kang sintomas na delikado ang buhay at mapanganib mangyaring i-dial ang 【119 】at tumawag ng ambulansya. Maaari ka ring maghanap ng mga ospital na nagsasalita ng mga banyagang wika sa Medical Information Net.

Ang website ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center ay may mga "questionnaires" sa English, Chinese, Thai, atbp. Ang medical questionnaire ay naglalaman ng mga tanong na itatanong ng isang doktor sa isang taong may sakit o nasugatan. Mangyaring sumangguni dito kapag tumatanggap ng medikal na paggamot.

Kapag ikaw nasa loob na at kausap ang doktor, tatalakayin ang iyong mga sintomas nang detalyado at tatanggap ng paggamot na naaayon sa iyong kinunsulta.

Kapag tapos na ang pagsusuri, magbabayad ka sa reception desk. Kapag nakatanggap ka ng reseta para sa gamot sa ospital, pumunta ka sa parmasiya

dala ang "sulatan o notebook na katunaya o may record ng niresetang gmot sundin ang ituturong detalye para walang maging problema ukol sa paginom ng gamot.

Siguraduhing ito ay naintindihan at kung hindi masyado ay maaaring magtanong.

Paalala:

kalimitan ngayon ay nasa malapit o katabing gusali na ng ospital o klinika ang parmasya.

